

Kensington Clinic

Pagtatakda at pagkumpirma ng iyong appointment. Tumawag sa 403-283-9117

Ang pagtatakda ng appointment Lahat ng appointment ay dapat itakda sa pamamagitan ng telepono ng babae na humihiling ng pamamaraan. Ang mga pagtatakda ay tatanggapin lamang ng mga ikatlong partido kung may hadlang sa wika. Kung ganito ang kaso, ang babae na humihiling ng pamamaraan ay dapat na naroon kapag ginagawa ang tawag.

Mangyaring ihanda ang iyong numero ng seguro sa pangangalagang pangkalusugan at ang petsa ng unang araw ng iyong huling normal na regla kapag tatawag ka. Napakahalagang sabihin mo sa amin ang tungkol sa anumang mga kondisyong medikal, nakakahawang sakit at mga alerhiya sa gamot, upang mabigyan ka namin ng wastong pangangalaga.

Kung hindi mo alam ang iyong huling regla, o ikaw ay 12 linggo nang buntis, o naninirahan sa labas ng lugar ng Calgary, ikaw ay maaaring atasan na sumailalim sa ultrasound bago ang iyong appointment. Ito ay maaaring ayusin sa klinika o sa pamamagitan ng iyong sariling doktor.

Pagkumpirma sa appointment

Bibigyan ka ng petsa kung kailan ka tatawag sa amin upang kumpirmahin ang iyong appointment. Dapat kang tumawag sa petsang ito **bago magtanghali o ang iyong appointment ay awtomatikong kakanselahin**. Nasa ibaba ang impormasyon at mga tagubilin na kailangan mong sundin bago ang iyong pamamaraan.

- **Mga Tagubilin sa Hindi Pagkain:** Kung ang iyong appointment ay sa umaga huwag kumain o uminom pagkaraan ng hatinggabi. Kung ang iyong appointment ay sa hapon, huwag kumain o uminom pagkaraan ng 6:30 a.m. **Kung hindi susundin ang mga tagubiling ito tungkol sa hindi pagkain ang iyong pamamaraan ay kakanselahin.**
- Ang pamamaraan ay ginagawa sa ilalim ng lokal na pampamanhid na may pagpapakalma sa pamamagitan ng ugat. Ikaw ay aantukin pero maaaring hindi kumpletong tulog.
- Ang mga gamot ay maaaring magdulot ng panghihina ng isip, dahil dito hindi ka maaaring magmaneho ng 24 na oras pagkatapos ng pamamaraan at hindi ka maaaring gumamit ng pampublikong transportasyon o maglakad maliban kung may kasama o alalay.
- Tiyakin na may masasakyan ka pauwi o isang taong aalalay sa iyo kung ikaw ay sasakay sa pampublikong transportasyon. Ang iyong alalay ay dapat na nasa kilinika upang makarating ka ng hindi lalampas ng 4:00 p.m.
- Maaari kang magdala ng isang tao sa klinika. Walang mga batang pinahihintulutan.
- Kung ikaw ay kulang sa 13 linggong buntis mananatili ka sa klinika ng 2 hanggang 3 oras. Kung ikaw ay 13-15 linggong buntis maaaring manatili ka sa klinika ng 4-5 oras. Kung ikaw ay 15 linggong buntis o higit, kailangan kang matingnan nang higit sa dalawang appointment at manatili sa klinika ng humigit-kumulang na 2-4 oras bawat araw. Kapag nagpatakda ka ng iyong appointment sasabihin sa iyo ng resepsiyonista kung gaano katagal ang iyong appointment sa klinika.
- Huwag maglagay ng anumang pabango o cologne.
- Magsuot ng maluwag na damit kabilang ang may maikling manggas na T-shirt at isang pares ng medyas.
- Ipagpatuloy ang paggamit ng anumang mga gamot at dalhin ang iyong gamot.
- Huwag uminom ng anumang aspirin (ASA), alkohol, o mga drogang pangkalye 24 na oras bago ang iyong appointment.
- Dalhin ang iyong kard ng seguro sa pangangalagang pangkalusugan at identidad na may litrato. Hindi ka tatanggapin sa klinika kung wala ng mga ito.
- Kung wala kang seguro sa pangangalagang pangkalusugan at nagbabayad para sa pamamaraan, ang pagbabayad ay dapat gawin nang buo bago ang pamamaraan. Ang klinika ay tumatanggap ng pera, debit card at mga pangunahing credit card.
- Ang mga Intrauterine device (IUD), mga EVRA patch at Nuva Ring ay mabibili sa klinika. Ang mga IUD ay maipapasok habang ginagawa sa iyo ang pamamaraan.

Kung hindi ka komportableng gumamit ng Ingles, maaari kang magdala ng isang taong pinagkakatiwalan mo upang magsalin ng wika para sa iyo, maaari kaming magkaloob ng pagsasalin. Bilang karagdagan, kami ay may ilang nakasulat na materyal na makukuha sa Pranses, Kastila, Mandarin, Punjabi, Arabiko, Biyetnamis at Tagalog.